# BC PharmaCare

## Fair PharmaCare plan

Tinutulungan ng Fair PharmaCare plan ang mga tao sa B.C. na bayaran ang marami sa kanilang mga de-resetang gamot, mga serbisyo ng botika, at ilang medical devices at supplies. Magrehistro na ngayon - ito'y libre! Ang coverage ay magsisimula kaagad.

### Ang Fair PharmaCare ay para sa bawat pamilyang naninirahan sa B.C.

Ang isang pamilya ay maaaring isang single na tao, single na táong may mga anak, isang couple, o isang couple na may mga anak. Kapag mas mababa ang iyong kita, mas marami kang tulong na makukuha. Sinasakop ng Fair PharmaCare ang karamihan ng mga de-resetang gamot.

Ang PharmaCare ay nagtatakda ng isang annual deductible at family maximum, batay sa family net income mula sa nakaraang 2 taon. Kapag bumibili ka ng isang item na sinasakop ng PharmaCare covers, ang mga eligible na gastos ay isinasama sa deductible at sa family maximum.

Kapag naabot mo na ang iyong deductible, babayaran ng PharmaCare ang 70 porsiyento ng mga eligible na gastos para sa natitirang bahagi ng taon. Kapag naabot mo na ang iyong family maximum, babayaran ng PharmaCare ang 100 porsiyento ng mga eligible na gastos para sa natitirang bahagi ng taon. Hindi ka maaaring singilin ng botika para sa sakop na items o mga kaugnay na dispensing fees. Kung ang isang kapamilya ay ipinanganak bago ng 1940, babayaran ng PharmaCare ang 75 porsiyento ng mga eligible na gastos oras na umabot na sa deductible.

Ang Fair PharmaCare coverage ay awtomatikong inaaplay sa iyong pharmacy bill. Hindi mo kailangang magsubmit ng mga resibo.

### Magrehistro

- Magrehistro online kahit kailan o i-download ang paper form sa www.gov.bc.ca/ahdc
- O kaya'y tumawag sa 1-800-663-7100
(toll free o libreng matatawagang numero)
Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm
Sabado 8 am hanggang 4 pm

### Magrehistro online, sa telepono o sa mail

Isang beses ka lamang magrerehistro. I-file ang iyong taxes bawat taon at ang iyong coverage ay magagamit mo kapag ito'y kailangan mo. Kakailanganin mo ang:

- Social Insurance Numbers (SINs) para sa (mga) adult
- Impormasyon sa tax return mula sa nakaraang dalawang taon

### Pahintulot para sa isang income check

Ilang sandali pagkatapos mong magrehistro ay padadalhan ka namin sa mail ng isang consent form (pormularyo ng pahintulot) na iyong pipirmahan at ibabalik sa amin sa mail. Pahihintulutan kami nitong i-check ang iyong income sa Canada Revenue Agency (CRA) bawat taon para ma-set ang iyong deductible at family maximum. Makakatanggap ka ng sulat na magbabanggit ng mga halagang ito.

**Kung hindi ka nakapag-file ng taxes noong nakaraang dalawang taon:** Kung ikaw ay bagong-dating sa Canada o may ibang dahilan kung bakit hindi ka nakapag-file ng taxes sa Canada sa nakaraang 2 taon, maaari mong ireport ang iyong income gamit ang Fair PharmaCare Proof of Income Affidavit, na available sa www.gov.bc.ca/fairpharmacare

**Deductible:** Ang halaga na dapat gastusin ng iyong pamilya bawat taon sa mga eligible na gastos bago ng PharmaCare ay makakatulong. Kapag naabot mo na ang iyong deductible, babayaran ng PharmaCare ang 70% ng iyong mga eligible na gastos. Pagkatapos ay babayaran mo ang 30% ng mga eligible na gastos hanggang umabot ka sa iyong family maximum.

**Family maximum:** Ang pinakamalaking halaga na gagastusin ng isang pamilya bawat taon para sa mga eligible na gastos. Kapag naabot mo na ang iyong family maximum, babayaran ng PharmaCare ang 100% ng iyong mga eligible na gastos hanggang sa natitirang bahagi ng taon.

**Mga eligible na gastos:** ang pinakamalaking halaga na babayaran ng PharmaCare para sa bawat item na sinasakop nito at ang fee na sisingilin ng botika para i-dispense ito.

## Mga bagay na dapat malaman

- Maraming employer health plans ang mag-uutos sa iyo na magrehistro para sa Fair PharmaCare. Kadalasan nilang binabayaran ang deductible at ang iyong bahagi ng gastos para sa de-resetang gamot
- Hindi naaapektohan ng Fair PharmaCare coverage ang federal insurance tulad ng Veterans Affairs
- Kung ikaw ay isang guardian/power of attorney, maaari mong irehistro ang isang kaibigan/kapamilya sa telepono o online
- Kung ikaw at ang iyong asawa ay hiwalay, o ang isa sa inyo ay nakatira sa long-term care:
  - Kung mananatili ka sa isang MSP account, magrehistro para sa Fair PharmaCare bilang isang family gamit ang inyong pinagsamang income
  - Kung magkahiwalay ang inyong MSP accounts, tawagan kami para magrehistro para sa mga hiwalay na Fair PharmaCare accounts
- Kung ikaw ay isang full-time na estudyanteng 19-24 taong-gulang, kontakin kami para manatili sa Fair PharmaCare plan ng iyong pamilya

Mangyaring panatilihing up-to-date ang iyong Fair PharmaCare. Kontakin kami kung ikaw ay nag-asawa, humiwalay, nagdiborsyo, nagkaroon ng sanggol, nag-ampon ng bata, o kung namatay ang isang kapamilya o pumasok siya sa isang long-term care facility.

## Paano samantalahin ang iyong plan

Gamitin ang Fair PharmaCare calculator para malaman kung ano ang iyong magiging deductible at family maximum.

my.gov.bc.ca/fpcare/financial-calculator

**Kahit mayroong Fair PharmaCare coverage, magkakaroon ka pa rin ng mga gastos kung:**

- Bumibili ka ng isang produktong hindi sinasakop ng PharmaCare, o kaya
- Hindi ka pa umaabot sa iyong family maximum

**Bago magpa-fill ng isang prescription:**

- Ikumpara ang mga presyo ng gamot, dispensing fees, at mga serbisyo sa iba't-ibang mga botika
- Hilingin ang pharmacist na ipaliwanag sa iyo ang mga gastos bago ka magbayad
- Tanungin ang pharmacist o táong nagrereseta kung maaari ka nilang ilipat sa ibang gamot na may mas mabuting coverage

Hindi sinasakop ng PharmaCare ang bawat prescription item na ibinebenta sa B.C. Babayaran mo ang buong gastos ng items na hindi sakop ng PharmaCare. Ang non-benefit costs na ito ay hindi umaaplay sa iyong deductible o family maximum.

## Paghingi ng tulong sa pagbayad ng iyong deductible

### Buwanang deductible payments

Maaaring puedeng hatiin ang iyong deductible sa monthly payments na pare-pareho ang halaga. Kung ikaw ay eligible, babayaran ng PharmaCare ang 70% ng iyong eligible na mga gastos sa de-resetang gamot oras na ikaw ay nag-enroll, dahil umabot ka na sa iyong deductible. Tawagan kami para malaman kung ikaw ay eligible.

Ang monthly payment plan ay available sa sinomang tao o pamilyang nakarehistro para sa Fair PharmaCare na:

- Walang drug coverage gamit ang isang pribadong health insurance plan, at
- May Fair PharmaCare deductible at umaasang umabot dito bago matapos ang taon

### Kung ang iyong income ay bumaba nang 10 porsiyento sa loob ng 2 taon

Ang iyong Fair PharmaCare coverage ay batay sa iyong net income mula sa nakaraang 2 taon. Kung ang iyong income ay bumaba nang 10 porsiyento sa loob ng 2 taon, maaari kang mag-apply para ibaba ang iyong deductible at family maximum. Kung kwalipikado ka para sa isang income review, maaaring makakuha ka ng refund para sa ilang mga gastos sa gamot mula sa kasalukuyang taon.

**Mag-apply para sa isang income review** online o sa mail bago dumating ng Disyembre 31 sa my.gov.bc.ca/fpincome/application

## Para sa karagdagang impormasyon

Bisitahin ang www.gov.bc.ca/fairpharmacare o tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm, at Sabado 8 am hanggang 4 pm

- Mula sa Lower Mainland: 604-683-7151
- Mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1-800-663-7100

Magrehistro para sa Fair PharmaCare sa www.gov.bc.ca/ahdc